# Kataga ng Buhay

**Setyembre 2021**

## "Ang sinumang nagnanais maging una ay dapat maging huli sa lahat at maging lingkod ng lahat"
**(Marcos 9:35).**

Ang mga alagad ay masiglang nag-uusap habang patungo sila sa Capernaum kasama si Hesus. Nang tinanong sila ni Hesus kung ano ang kanilang pinag-uusapan, hindi nila nakuhang sumagot dahil marahil sa kahihiyan. Sa katunayan, pinag-uusapan nila kung sino sa kanila ang ituturing na pinakadakila.

Malimit banggitin ni Hesus ang tungkol sa mahiwagang pagdurusa na Kanyang haharapin ngunit para kay Pedro at ang iba pang alagad, napakahirap itong maunawaan at tanggapin. Sa katunayan, pagkatapos lamang ng pagkamatay at muling pagkabuhay ni Hesus nila natuklasan kung sino Siya talaga: ang Anak ng Diyos na nag-aalay ng buhay dahil sa pag-ibig.

Kaya't upang tulungan silang maging tunay na alagad Niya, umupo si Hesus, tinawag sila na lumapit sa Kanya at ipinahayag ang tunay na "pinakadakila ayon sa Mabuting Balita."

### "Ang sinumang nagnanais maging una ay dapat maging huli sa lahat at maging lingkod ng lahat"

Sa kabila ng kahinaan at pagkatakot ng mga alagad, nagtiwala sa kanila si Hesus at tinawag sila na sundan Siya upang makibahagi sa Kanyang misyon: ang paglingkuran ang lahat. Maaalala natin ang panawagan ni San Pablo Apostol sa mga Kristiyano ng Filipos: "Huwag kayong gumawa ng anumang bagay dahil sa makasariling hangarin o sa paghahangad na maitaas ang sarili. Sa halip, magpakumbaba kayo sa isa't isa at ituring na mas mabuti ang iba kaysa sa inyo. Huwag lang ang sarili ninyong kapakanan ang isipin n'yo kundi ang kapakanan din ng iba. Dapat maging katulad ng kay Kristo Hesus ang pananaw n'yo."[1]

Ayon kay San Pablo, ang mga Kristiyano ay tinatawag na maglingkod hindi bilang mga alipin na kinakailangang magtrabaho kundi bilang mga malayang tao na bukas-loob na nag-aalay ng kanilang kakayahan at lakas. Ibinibigay nila ang kanilang sarili hindi lang para sa kapakanan ng isang grupo o partido kundi para sa lahat ng nangangailangan ng tulong nang walang pinipili o tinatangi.

Ito rin ang panawagan sa atin ngayon: buksan ang puso't isipan upang kilalanin at bigyang pansin ang mga pangangailangan ng iba at maging masigasig sa pagbuo ng mga ugnayang tunay na makatao. Ito ay isang paanyaya na gamitin ang ating mga kakayahan para sa ikabubuti ng lahat, at sa bawat araw, magsimulang muli sa kabila ng ating mga kabiguan. Ito'y isang panawagan na ilagay ang ating sarili sa huli upang dalhin ang iba patungo sa isang natatanging kinabukasan: ang pangkalahatang kapatiran.

## “Ang sinumang nagnanais maging una ay dapat maging huli sa lahat at maging lingkod ng lahat”

Sa paliwanag ni Chiara Lubich, ang nagtatag ng Focolare, sa Katagang ito ni Hesus, nagmungkahi siya ng mga paraan kung paano ito maisasabuhay: “Napakaraming pagkakataon sa buhay natin sa araw-araw kung saan tayo, tulad ni Hesus, ay makakapili kung paano ilalagay ang ating sarili sa huli. Kung tayo ay binigyan ng isang mahalagang gawain, huwag nating akalain kung sino na tayo, huwag tayong magbigay-daan sa kapalaluan at kayabangan.

“Sa halip, isipin natin na ang pinakamahalaga ay ang magmahal sa kapwa. Gawin natin itong pagkakataon upang higit na makapaglingkod sa kapwa, na hindi kinakalimutan ang tila maliliit na bagay tulad ng mga personal na ugnayan, mga simpleng gawaing bahay, ang pagtulong sa ating mga magulang, ang kapayapaan at pagkakasundo sa pamilya at ang pagtuturo sa mga anak...

“ Oo, anuman ang mangyari, alalahanin natin na ang pagiging Kristiyano ay nangangahulugang magmahal at mas pinipiling mahalin ang mga pinakahamak sa atin. Kung mamumuhay tayo ng ganito, itutuloy natin ang pagbuo ng kaharian ng Diyos sa lupa.

“Bukod dito, nangako si Hesus na kung gagawin natin ito, ang lahat ng bagay ay ibibigay Niya sa atin – kalusugan, mga ari-arian at kasaganahan sa bawat bagay... upang ibahagi sa iba. Kung gagawin natin ito, magiging mga kamay tayo ng awa’t tulong ng Diyos para sa maraming tao.”[2]

Ang pag-iingat sa “ating nag-iisang tahanan” ay isang napapanahong uri ng paglilingkod na maaari nating ibahagi sa napakaraming tao sa buong mundo. Ilang taon na rin itong malakas na tema sa pagsaksi ng Kristiyanong komunidad. Muli sa taong ito, sa mga dumarami pang mga simbahan, ang buwan ng Setyembre ay nagbubukas sa pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Panalangin para sa Pangangalaga ng Kalikasan na magpapatuloy hanggang sa ika-4 ng Oktubre, sa “Panahon ng Kalikasan.”

Sa isa sa mga nakaraang pagdiriwang nito, ang komunidad ng Taizè ay nagmungkahi ng panalanging ito: “Diyos ng pag-ibig, habang nananatili kami sa Iyong presensya, bigyan Mo kami ng kakayanang maunawaan ang walang hanggang kagandahan ng Iyong nilikha, ng lahat ng nagmula sa Iyo, ng Iyong walang katapusang malasakit. Palawigin Mo ang aming pansin para sa kapwa at sa lahat ng Iyong nilikha. Turuan Mo kaming matuklasan ang kahalagahan ng lahat ng bagay at gawin Mo kaming tagapaghatid ng kapayapaan sa pamilya ng sangkatauhan.”[3]

Letizia Magri

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

---

1. Filipos 2:3–5
2. C. Lubich, Kataga ng Buhay,Setyembre 1985
3. Cf. https://www.taize.fr/it_article24642.html

Distributed in Japan by Focolare：
www.focolare.org/en ・ www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com
Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424・Nagasaki: 095-849-3812